

## PAHAYAG PARA SA PRESS

Lungsod ng Long Beach  
Public Information Office  
411 W. Ocean Blvd,  
Long Beach, CA 90802

---

**4/2/2020**

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Pahayag para sa Press  
# 032820B

**Paksa:**        **NA-UPDATE: Pansamantalang Tirahan Bukas sa Silverado Park**  
Mga Karagdagang Pansamantalang Tirahan Itatayo

**Kontak:**        Joint Information Center ng Lungsod ng Long Beach  
562.570.NEWS  
[jic@longbeach.gov](mailto:jic@longbeach.gov)

Long Beach, CA – Ang Lungsod ng Long Beach ay nagbukas ng pansamantalang tirahan sa Silverado Park, na matatagpuan sa 1545 W. 31st St., upang magbigay ng pansamantalang pabahay sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan sa Lungsod sa panahon ng patuloy na pandemya ng COVID-19.

"Kami ay nakatuon sa pagbibigay ng tirahan sa mga pinaka-mahinang miyembro ng ating pamayanan sa isang paraan na nagbibigay-daan para sa social distancing, lalo na sa panahong ito ng pampublikong krisis sa kalusugan," sabi ni Mayor Robert Garcia. "Ipinagmamalaki ko ang ating City Team na nagtatrabaho sa buong oras upang magbigay ng maraming kinakailangang suporta sa mga nangangailangan, at ang ating Konseho ng Lungsod (City Council para sa pagsuporta nila sa mahalagang gawaing ito."

Ang Silverado Park na tirahan ay ang una sa ilang mga pansamantalang tirahan na itinatayo upang maglingkod sa mga mas mahinang populasyon upang matugunan ang patuloy na epekto ng COVID-19. Ang 24-7 na tirahan ay maglalagay ng humigit-kumulang 50 katao sa pangunahing silid, na may naaangkop na espasyo para social distancing sa pagitan ng bawat higaan, at pitong karagdagang mga tao sa ibang silid na naghihiwalay (isolation room) na gagamitin kung kinakailangan.

Ang isang sapilitang pagsusuri sa kalusugan ay ipagkakaloob sa lahat ng mga tao bago pumasok sa tirahan, ang mga tao ay hinihikayat na sundin ang modelo ng pagkakalagay ng tirahan upang ma-maximize ang kaligtasan para sa mga residente ng tirahan. NA-UPDATE: 4/01/20: Upang makatanggap ng mga serbisyo, ang mga indibidwal ay dapat munang bumisita sa Multi-Service Center, na matatagpuan sa 1301 W. 12th Street, upang makumpleto ang pagtatasa ng tirahan at pagsusuri sa kalusugan. Matapos makumpleto ang pagsusuri sa kalusugan, dadalhin sa lokasyon ng tirahan ang mga indibidwal.

Ang Silverado Park na tirahan ay mag-aalok ng mga triage na mga pagtatasa, pagkain,

meryenda, libangan na may social distancing at mga karagdagang mapagkukunan para sa serbisyong panlipunan.

Ang pondo para sa mga tirahan ay bigay ng Estado ng California bilang pang-emerhensiyang tulong sa mga lokal na pamahalaan, na inisyu ni Gobernador Newsom upang partikular na protektahan ang mga taga-California na nakakaranas ng kawalan ng tirahan. Ang Silverado Park na tirahan ay pinatatakbo ng mga kawani ng Lungsod, mga nagboluntaryo, at kawani mula sa mga non-profit na nagbibigay ng serbisyo. Plano ng Lungsod na makipagtulungan sa iba pang mga ahensya na nagbibigay ng tirahan para sa ibang lokasyon ng mga susunod na mga tirahan.

Tinitingnan din ang iba pang mga lokasyon, kabilang ang mga motel at iba pang pampublikong lugar sa Lungsod, bilang posibleng pansamantalang mga tirahan na lokasyon bilang sa isang malawakang pagsisikap upang makapagbigay ng tirahan sa mga nangangailangan hangga't maaari.

Bilang karagdagan, pinalawak ang mga operasyon ng Tirahan sa Taglamig (Winter Shelter) hanggang Setyembre 30, na orihinal na nakatakhang magsarado noong Marso 31,. Sa Abril 1, 2020, ang Winter Shelter ay lilipat mula sa kasalukuyang lokasyon nito sa 1718 at 1722 Hayes Ave. sa isang mas malaking pasilidad sa dating North Long Beach Library, na matatagpuan sa 5571 Orange Ave., upang sumunod sa social distancing. Ang bagong lokasyon ay magbibigay ng tirahan sa 80 karagdagang mga tao na hindi magkakaroon ng tirahan sa panahong ito. Kapag ang Winter Shelter ay ganap na inilipat sa bagong lokasyon nito, ang kasalukuyang pasilidad ay ililipat sa isa pang pansamantalang lokasyon na tirahan na pinatatakbo ng Lungsod ng Long Beach, at magbibigay ng tirahan sa tinatayang 60 hanggang 70 na karagdagang mga tao.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga operasyon ng tirahan, tumawag sa (562) 570-9328.

Para sa pinakahuling impormasyon sa COVID-19, na may mga detalye ng lahat na ginagawa ng Lungsod ng Long beach upang panatilihin ang residente, bisitahin ang [www.longbeach.gov/COVID19](http://www.longbeach.gov/COVID19) at subaybayan sa @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

Para sa higit pang mga balita, larawan, video at mga anunsyo sa kun ano ang nangyayari sa Long Beach, sundan kami sa [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#) at [YouTube](#).